# KAPASIYAHAN BLG. 2021-60

**"HUMIHILING SA AMA NG LALAWIGAN NG BULACAN, IGG. DANIEL R. FERNANDO, NA NAWA'Y MAPAGKALOOBAN NG LABING APAT (14) NA WHEELCHAIR AT SPHYGMOMANOMETER AT MGA GAMOT PANG-MAINTAINANCE ANG SANGGUNIANG BAYAN NA IPAPAMAHAGI SA LABING APAT (14) NA BARANGAY."**

---

*Pinagtibay sa mungkahi ni:*
**Igg. Toni Flor H. De Guzman**

---

**SAPAGKA'T,** ang paggamit ng wheelchair ay malaking tulong para sa mga katandaan na hirap nang maglakad at mga Person with Disability na walang kakayahang makalakad ng walang tulong;

**SAPAGKA'T**, may mga senior citizen at PWD na mga Bustosenyo ang nangangailangan ng wheelchair, ang iba ay may gamit man ngunit ito ay sira na;

**SAPAGKA'T**, isa pa sa pangangailangan ng mga senior citizen ang pang-check ng grado ng kanilang dugo at pangmaintenance na gamot gaya ng Losartan at Amlodipine.

**KUNG KAYA'T,** sa mungkahi ni **IGG. TONI FLOR H. DE GUZMAN** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na hilingin sa Ama ng Lalawigan ng Bulacan, Igg. Daniel R. Fernando, na nawa'y mapagkalooban ng labing apat (14) na wheelchair at sphygmomanometer at mga gamot pang-maintainance ang Sangguniang Bayan na ipapamahagi sa labing apat (14) na barangay.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-28 ng Setyembre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Isa sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Jonalyn S. Ortega-Santos**
Kasangguni

**Toni Flor H. De Guzman**
Kasangguni

**Rosette G. Pangilinan**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Melvin H. Melencio**
Kasangguni

**Gemar Aldrich M. Cruz**
Kasangguni

**Martin SJ. Angeles**
ABC President

**Angelica DL. Tadeo**
SK President

**Arnel F. Mendoza**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

—— ■ ——

Pinatutunayan ko ang Kawastuhan at Katotohanan na ang nakatitik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-28 ng Setyembre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Isa.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim